# Mensahe para sa Pasko 2016 at Bagong Taon 2017

Para sa lahat ng mananampalataya sa Diyosesis ng Saitama,

Manigong pagbati para sa Pasko at Bagong Taon.

Ang Hindi Pangkaraniwang Hubileyo ng Awa ay nagtapos sa Solemnidad ng ating Panginoong Hesukristo, ang Hari ng Sansinukob noong Nobyembre 20, 2016. Subalit, ang awa ng Diyos ay hindi nagtatapos. "Tayo ay tinawag upang ipakita ang awa dahil ang awa ay unang ipinakita sa atin". (Miserecordiae Vultus [Hesukristo, ang Mukha ng Awa ng Ama], Bull of Indiction of the Extraordinary Jubilee of Mercy, 9)

Ibinuhos ng Diyos ang kanyang biyaya ng awa sa atin, at patuloy pa rin niyang ibinuhos ang kanyang Banal na Espiritu sa atin araw-araw upang panibaguhin tayo araw-araw. Ipinadala ang kanyang hininga upang panibaguhin ang lahat ng bagay ayon sa Salmista: "Kapag sinugo mo ang iyong espiritu, nalilikha sila at binabago mo ang mukha ng lupa."(Salmo 104:30 NRSVCE)

Ito ang ika-apat na beses para sa akin na magdiwang ng Pasko at bumati ng Manigong Bagong Taon bilang apostolikong administrador ng Diyosesis ng Saitama. Kasama ang mga alaala ng siyam na taon (1991-2000) bilang Obispo ng diyosesis na tinawag noon na Urawa, nagkaroon ako ng mabungang panahon. Muli, salamat sa inyong mga panalangin, pang-unawa at suporta.

Sa sunod na taon, nais kong makiusap sa inyo lalo na para sa ebanghelisasyon sa lahat ng mananampalataya sa Diyosesis ng Saitama.

Bawat isa sa ating mga Kristiyano ay kailangang ipahayag at ideklara ang ating pananampalataya sa bawat opurtunidad na maari nating gawin.

Bawat isa sa ating mga Kristiyano ay kailangang ipaliwanag ang ating pinaniniwalaan sa sariling salita.

Bawat isa sa ating mga Kristiyano ay kailangang gumawa ng mga gawain ng awa, korporal at espirituwal na gawain ng awa at pagmamahal, sa bawat araw ng ating buhay.

Bawat isa sa ating mga Kristiyano ay dapat magtalaga ng ating mga sarili na dalhin sa mundo ang kapayapaan at paggalang para sa karapatang pantao.

Manalangin tayo sa Banal na Espiritu para sa Kanyang gabay at tulong upang sa taon 2017 ay makita tayong isinabuhay ang awa ng Diyos at gawin ang kapayapaan ng ating Panginoong Hesukristo.

Adbiyento 2016<br>
Apostolikong Administrador ng Diyosesis ng Saitama<br>
Arsobispo Pedro Takeo OKADA